

**DEPARTMENT OF DEVELOPMENTAL SERVICES**

1600 NINTH STREET, Room 240, MS 2-13  
SACRAMENTO, CA 95814  
TTY (916) 654-2054 (Para sa may Kapansanan sa Pandinig)  
(916) 654-1897



Setyembre 3, 2019

SA: MGA DIREKTOR NA TAGAPAGPAGANAP NG SENTRONG PANREHIYON

PAKSA: PROGRAMANG KALAYAANG MAGPASYA: MGA PAGBABAYAD PARA SA UNANG MGA SERBISYO NG PAGPAPLANO NA NAKASENTRONG SA TAO

Upang higit pang linawin ang [direktiba](#) na ipinalabas noong Pebrero 13, 2019, binibigyan ng Kagawaran ng mga Serbisyo sa Pag-unlad (Department of Developmental Services o DDS) ang mga sentrong panrehiyon nitong patnubay tungkol sa mga pagbabayad para sa unang pagpapalano na nakasentro sa tao sa Programang Kalayaang Magpasya (Self-Determination Program o SDP).

Kapag bumibili ang mga sentrong panrehiyon ng unang mga serbisyo sa pagpapalano na nakasentro sa tao ng SDP, na maaaring kabilang ang tulong sa pagbuo ng plano sa paggastos ng kasali, paggamit sa code ng serbisyo na 024, "Pagbabalik ng Bayad sa Binili", maaaring direktang magbayad ang mga sentrong panrehiyon sa provider. Maaaring gawin ang pagbabayad sa provider ng serbisyo na inilako lamang sa ilalim ng code ng serbisyo na 024 pagkatapos matanggap ng sentrong panrehiyon: 1) ang invoice na nagpapakita na naihatid ang serbisyo sa pagpapalano na nakasentro sa tao na sinang-ayunan ng kasali sa SDP; at, 2) ang kopya ng Plano na Nakasentro sa Tao at anumang iba pang dokumento na hiniling ng kasali. Hindi kinakailangan ang paglalako para sa mga pagbabayad para sa serbisyong ito sa ilalim ng code ng serbisyo na 024 bilang isang provider ng mga serbisyo sa pagpapalano na nakasentro sa tao.

Limitado lamang ang patnubay na ito sa pagbili ng unang mga serbisyo sa pagpapalano na nakasentro sa tao para sa mga kasali sa SDP. Kung mayroon kayong anumang tanong tungkol sa sulat na ito, mangyaring makipag-ugnayan sa [sdp@dds.ca.gov](mailto:sdp@dds.ca.gov).

Taos-puso,

*Pinirmahan ang orihinal ni:*

BRIAN WINFIELD  
Punong Kinatawagang Direktor

cc: Mga Tagapangasiwa ng Sentrong Panrehiyon  
Mga Punong Tagapayo ng Sentrong Panrehiyon  
Mga Direktor ng mga Serbisyo sa Komunidad ng Sentrong Panrehiyon Samahan  
ng mga Ahensya ng Sentrong Panrehiyon  
Sanggunian ng Estado sa mga Kapansanan sa Pag-unlad  
Nancy Bargmann, Direktor, DDS  
Mike Sakamoto, DDS

**“Bumubuo ng mga Pakikipagtulungan, Sumusuporta sa mga Pagpipilian”**